

# Abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado

Blue Shield of California at Blue Shield of California Life & Health Insurance Company

Inilalarawan ng abisong ito kung paano maaaring gamitin at ihayag ang impormasyong medikal tungkol sa inyo, bilang miyembro ng Blue Shield, at kung paano kayo magkakaroon ng access sa impormasyong ito.

## Ang aming pangako sa pagkapribado

Sa Blue Shield, naiintindihan namin ang kahalagahan ng pagpapanatiling pribado ng inyong personal na impormasyon, at talagang sineseryoso namin ang obligasyong gawin ito.

Sa karaniwang gawain ng pagnenegosyo, gumagawa kami ng mga talaan tungkol sa inyo, inyong medikal na paggamot, at mga serbisyong ibinibigay sa inyo. Ang impormasyon sa mga talaang iyon ay tinatawag na protektadong impormasyong pangkalusugan (protected health information, PHI) at kasama ang inyong indibidwal na impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan tulad ng inyong pangalan, address, numero ng telepono, at Social Security number, pati na rin ang inyong impormasyon pangkalusugan, tulad ng pagsusuri sa pangangalagang pangkalusugan o impormasyon sa claim.

Hinihiling sa amin ng pederal at batas ng estado na bigyan kayo ng abisong ito ng aming mga legal na tungkulin at mga kasanayan sa pagkapribado habang nauugnay ang mga ito sa inyong PHI. Hinihiling sa aming panatilihin ang pagkapribado ng inyong PHI at upang ipaalam sa inyo kung sakaling kayo ay apektado ng paglabag ng di ligtas na PHI. Kapag ginagamit namin o ibinibigay ("inihahayag") ang inyong PHI, napapailalim kami sa mga tuntunin ng abisong ito, na naaangkop sa lahat ng mga talaan na ginagawa namin, nakukuha, at/o pinapanatili na naglalaman ng inyong PHI.

## Paano namin pinoprotektahan ang inyong pagkapribado

Pinapanatili namin ang mga pisikal, teknikal, at administratibong pananggalang upang tiyakin ang pagkapribado ng inyong PHI. Upang protektahan ang inyong pagkapribado, tanging ang mga miyembro lang ng Blue Shield na pinahintulutan at sinanay ang binigyan ng access sa aming mga talaang nasa papel at elektroniko at sa mga hindi pampublikong lugar kung saan itinabi ang impormasyong ito.

Sinanay ang mga miyembro ng manggagawa sa mga paksang kabilang ang:

- Mga patakaran at pamamaraan sa pagkapribado at proteksyon ng data, kabilang ang kung paano nilagyan ng label, itinabi, inilagay sa file, at ina-access ang mga talaang nasa papel at elektroniko.
- Nakahandang mga pisikal, teknikal, at administratibong pananggalang upang mapanatili ang pagkapribado at seguridad ng inyong PHI.

Sinusubaybayan ng aming Opisina ng Pagkapribado ng korporasyon kung paano namin sinusunod ang aming mga patakaran at pamamaraan ng pagkapribado, at tinuturuan ang aming organisasyon sa mahalagang paksang ito.

Paano namin ginagamit at inihahayag ang inyong PHI

**Mga paggamit ng PHI nang walang pahintulot mula sa inyo.** Maaari naming ihayag ang inyong PHI nang walang nakasulat na pahintulot ninyo, kung kinakailangan, habang nagbibigay ng mga benepisyo sa kalusugan at mga serbisyo sa inyo. Maaari naming ihayag ang inyong PHI para sa mga sumusunod na layunin:

• **Paggagamot:**

- Upang ibahagi sa mga nurse, doktor, pharmacist, optometrist, tagapagturo ng kalusugan, at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan upang matukoy nila ang inyong plano ng pangangalaga.
- Upang tulungan kayong makuha ang mga serbisyo at paggamot na maaaring kailangan ninyo – halimbawa, pag-order ng mga lab test at paggamit sa mga resulta.
- Upang i-coordinate ang inyong pangangalagang pangkalusugan at mga kaugnay na serbisyo sa isang pasilidad o propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan.

• **Pagbabayad:**

- Upang makuha ang pagbabayad ng mga premium para sa inyong saklaw.
- Upang makagawa ng mga pagtukoy sa saklaw – halimbawa, makipag-usap sa isang propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagbabayad para sa mga serbisyong ibinigay sa inyo.
- Upang i-coordinate ang mga benepisyo sa ibang saklaw na maaaring mayroon kayo – halimbawa, makipag-usap sa ibang planong pangkalusugan o insurer upang matukoy ang inyong pagiging karapat-dapat o saklaw.
- Upang makakuha ng pagbabayad mula sa third party na maaaring responsable sa pagbabayad, tulad ng isang miyembro ng pamilya.
- O kaya'y para matukoy at matupad ang aming responsibilidad na maibigay ang inyong mga benepisyo sa kalusugan – halimbawa, para mangasiwa ng mga claim.

• **Mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan:**

- Upang makapagbigay ng serbisyo sa customer.
- Upang suportahan at/o mapabuti ang mga programa o serbisyong inaalok namin sa inyo.
- Upang tulungan kayo sa pamamahala ng inyong kalusugan – halimbawa, upang bigyan kayo ng impormasyon tungkol sa mga alternatibong paggagamot na maaaring karapat-dapat kayo, o upang bigyan kayo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o mga paalala sa paggagamot.
- Upang suportahan ang ibang planong pangkalusugan, insurer, o propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na may relasyon sa inyo, upang mapabuti ang mga programang inaalok nito sa inyo – halimbawa, para sa pamamahala ng kaso o bilang suporta sa isang accountable care organization (ACO) o medikal na arrangement sa bahay na nakasentro sa pasyente.
- Para sa underwriting, mga singil, o premium rating, o iba pang aktibidad na kaugnay sa paggawa, pag-renew, o pagpapalit ng kontrata para sa saklaw sa kalusugan o insurance. Pakitandaan, gayunpaman, na hindi namin gagamitin o ihayag ang inyong PHI na genetic na impormasyon para sa mga layunin ng underwriting – ipinagbabawal ang paggawa nito ayon sa pederal na batas.

Maaari rin naming ihayag ang inyong PHI nang walang nakasulat na pahintulot mula sa inyo para sa ibang mga layunin, kapag pinahihintulutan o hinihingi ng batas. Kabilang dito ang:

• **Mga paghahayag sa ibang kasali sa inyong pangangalagang pangkalusugan.**

- Kung nariyan kayo o available upang patnugutan kaming gawin ito, maaaring ihayag namin ang inyong PHI sa iba, halimbawa, isang miyembro ng pamilya, malapit na kaibigan, o inyong caregiver.
- Kung kayo ay nasa emergency na sitwasyon, ay wala roon, ay may kapansanan, o kung kayo ay patay na, gagamitin namin ang aming propesyonal na paghatol upang

- magdesisyon kung ang paghahayag ng inyong PHI sa iba ay para sa inyong pinakamahusay na interes. Kung aming ihahayag ang inyong PHI sa isang sitwasyon kung saan ay hindi kayo available, aming ihahayag lang ang impormasyong direktang nauugnay sa pagkasangkot ng tao sa inyong paggagamot o para sa pagbabayad na kaugnay ng inyong paggagamot. Maaari rin naming ihayag ang inyong PHI upang maipalam (o makatulong sa pagpapalam) sa mga naturang tao ang inyong lokasyon, inyong pangkalahatang kundisyong medikal, ang inyong kamatayan.
- Maaari naming ihayag ang PHI ng inyong menor de edad na anak sa ibang magulang ng bata.
  - **Mga paghahayag sa inyong sponsor ng plano.** Maaaring ihayag namin ang PHI sa sponsor ng inyong planong pangkalusugan ng grupo, na maaaring ang inyong employer, o sa isang kumpanyang kumikilos sa ngalan ng sponsor ng plano, upang masubaybayan, ma-audit, at kung hindi man ay mapangasiwaan nila ang planong pangkalusugan na kalahok kayo. Hindi pinapahintulutan ang inyong employer na gamitin ang PHI na inihahayag namin para sa anumang layunin maliban sa pangangasiwa ng inyong mga benepisyo. Tingnan ang mga dokumento ng plano ng inyong sponsor ng plano para sa impormasyon tungkol sa kung makakatanggap ba ang inyong employer/ sponsor ng plano ng PHI, at para sa buong paliwanag ng limitadong mga paggamit at paghahayag na maaaring gawin ng sponsor ng plano sa inyong PHI.
  - **Mga paghahayag sa mga vendor at mga accreditation organization.** Maaari naming ihayag ang inyong PHI sa:
    - Mga kumpanya na nagsasagawa ng mga partikular na serbisyo sa ngalan ng Blue Shield. Halimbawa, maaari kaming makipag-ugnayan sa mga vendor upang tulungan kaming bigyan ng impormasyon at gabay ang mga miyembro na may mga hindi gumagaling na kondisyon tulad ng diabetes at hika.
    - Mga accreditation organization tulad ng National Committee for Quality Assurance (NCQA) para sa mga layuning pagsukat ng kalidad.
- Pakitandaan na bago namin ibahagi ang inyong PHI, kinukuha namin ang nakasulat na pagsang-ayon ng vendor o accreditation organization na protektahan ang pagkapribado ng inyong PHI.
- **Mga komunikasyon.** Maaari naming gamitin ang inyong PHI upang makipag-ugnayan sa inyo na may impormasyon tungkol sa inyong saklaw sa planong pangkalusugan, mga benepisyo, mga programa at serbisyong kaugnay sa kalusugan, mga paalala sa paggagamot, o mga alternatibong paggagamot na available para sa inyo. Hindi namin ginagamit ang inyong PHI para sa mga layunin ng fundraising.
  - **Kalusugan o kaligtasan.** Maaari rin naming ihayag ang inyong PHI upang maiwasan o maibsan ang isang malala at nakaabang na banta sa inyong kalusugan o kaligtasan, o sa kalusugan o kaligtasan ng pangkalahatang publiko.
  - **Mga aktibidad ng pampublikong kalusugan.** Maaari naming ihayag ang inyong PHI sa:
    - Mag-ulat ng impormasyong pangkalusugan sa mga otoridad ng pampublikong pangkalusugan na pinahintulutan ng batas na makatanggap ng naturang impormasyon para sa layunin ng pag-iwas o pagkontrol ng sakit, pinsala o kapansanan, o pagsusubaybay ng mga pagbabakuna.
    - Mag-ulat ng pang-aabuso o pagpapabaya sa mga bata, o pang-aabuso sa nasa hustong gulang, kabilang ang karahasan sa tahanan, sa isang otoridad ng pamahalaan na pinahintulutan ng batas makatanggap ng mga naturang ulat.
    - Mag-ulat ng impormasyon tungkol sa produkto o aktibidad na kinokontrol ng U.S. Food and Drug Administration (FDA) sa isang taong responsable para sa kalidad, kaligtasan, o pagiging epektibo ng produkto o aktibidad.
    - Ihanda ang isang tao na maaaring na-expose sa isang nakakahawang sakit, kung kami ay pinahintulutan ng batas na magbigay ng naturang abiso.
  - **Mga aktibidad sa pangangasiwa sa kalusugan.** Maaari naming ihayag ang inyong PHI upang:

- Isang ahensya ng pamahalaan na legal na responsable sa pangangasiwa sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan o para sa pagtiyak ng pagsunod sa mga panuntunan ng mga programang benepisyo ng pamahalaan tulad ng Medicare o Medicaid.
- Ibang mga kumokontrol na programa na nangangailangan ng impormasyong pangkalusugan para tukuyin ang pagsunod.
- **Pananaliksik.** Maaari naming ihayag ang inyong PHI para sa mga layuning pananaliksik, ngunit ayon lang sa, at ayon sa pinahihintulutan ng, batas.
- **Pagsunod sa batas.** Maaari naming gamitin at ihayag ang inyong PHI upang sumunod sa batas.
- **Mga hudikatura at administratibong paglilitis.** Maaari naming ihayag ang inyong PHI sa isang hudikatura at administratibong paglilitis o bilang tugon sa isang may bisa at legal na utos.
- **Mga opisyal na nagpapatupad ng batas.** Maaari naming ihayag ang inyong PHI sa pulis o iba pang opisyal na nagpapatupad ng batas, ayon sa hinihingi ng batas bilang pagsunod sa isang utos ng korte o ibang prosesong pinahintulutan ng batas.
- **Mga tungkulin ng pamahalaan.** Maaari naming ihayag ang inyong PHI sa iba't ibang mga departamento ng pamahalaan, tulad ng U.S. military o ng U.S. Department of State, ayon sa hinihingi ng batas.
- **Kompensasyon ng manggagawa.** Maaari naming ihayag ang inyong PHI kung kinakailangan upang sumunod sa mga batas ng kompensasyon ng manggagawa.

**Mga paggamit ng PHI na nangangailangan ng inyong pahintulot.** Maliban na lang sa mga layuning inilalarawan sa itaas, kailangan naming kunin ang inyong nakasulat na pahintulot para gamitin o ihayag ang inyong PHI. Halimbawa, hindi namin gagamitin ang inyong PHI para sa mga layuning pang-marketing nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa inyo, o hindi namin ibibigay ang inyong PHI sa isang inaasahang employer nang walang nakasulat na pahintulot mula sa inyo.

### **Mga paggamit at paghahayag ng partikular na PHI na itinuring na "lubos na kumpidensyal."**

Para sa mga partikular na uri ng PHI, maaaring hilingin ng pederal at batas ng estado ang pinahusay na proteksyon sa pagkapribado. Kabilang dito ang PHI na:

- Napanatili sa mga psychotherapy na talaan.
- Tungkol sa pag-iwas, paggamot, at rekomendasyon sa pang-aabuso sa paggamit ng alkohol at droga.
- Tungkol sa testing, pagsusuri, o paggamot ng HIV/AIDS.
- Tungkol sa venereal at/o (mga) nakakahawang sakit.
- Tungkol sa genetic testing.

Maaari lang naming ihayag ang ganitong uri ng espesyal na protektado PHI kasama ang inyong paunang nakasulat na pahintulot maliban kung partikular na pinahihintulutan o hinihingi ng batas.

**Kanselasyon ng pahintulot.** Anumang oras, maaari niyong kanselahin ang isang nakasulat na pahintulot na nauna na ninyong ibinigay sa amin. Kapag isinumite sa amin sa pamamagitan ng sulat, ilalapat ang kanselasyon sa mga paggamit at paghahayag ng inyong PHI sa hinaharap. Hindi ito makakaapekto sa mga paggamit o paghahayag na dating ginawa, habang wala pang bisa ang inyong pahintulot.

### **Ang inyong mga indibidwal na karapatan**

Mayroon kayong mga sumusunod na karapatan patungkol sa PHI na ginagawa, kinukuha, at pinapanatili ng Blue Shield tungkol sa inyo:

- **Karapatang humiling ng mga paghihigpit.** Maaari ninyong hilingin sa aming higitan ang aming paraan ng paghahayag ng inyong PHI para sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon ng pangangalagang pangkalusugan, ayon sa ipinaliwanag ng abisong ito. Hindi namin kailangang sumang-ayon sa inyong kahilingan sa paghihigpit, ngunit isasaalang-alang namin ang mga iyon nang mabuti.

Kung sumasang-ayon kami sa isang kahilingan sa paghihigpit, susundin namin ito hanggang sa humiling kayo o sumang-ayon na wakasan ang paghihigpit. Maaari rin naming ipaalam sa inyo na wawakasan namin ang aming pagsang-ayon sa isang paghihigpit. Sa gayon, ang pagwawakas ay ilalapat lang sa PHI na ginawa o tinanggap pagkatapos naming naipaalam sa inyo ang pagwawakas.

- **Karapatang makatanggap ng kumpidensyal na mga komunikasyon.** Maaari kayong humiling na makatanggap ng mga komunikasyon ng Blue Shield na naglalaman ng PHI sa pamamagitan ng alternatibong pamamaraan o sa alternatibong mga lokasyon. Ayon sa hinihiling ng batas, at sa tuwing magagawa, aming pauunlakan ang mga makatuwirang hiling. Maaari naming hilingin na gawin ninyo ang inyong hiling sa pamamagitan ng sulat. Kung ang inyong hiling ay kinasasangkutan ng isang menor de edad na bata, maaaring hilingin namin sa inyong magbigay ng legal na dokumentasyon para suportahan ang inyong hiling.
- **Karapatang ma-access ang inyong PHI.** Maaari kayong humiling na siyasatin o makatanggap ng kopya ng partikular na PHI na pinapanatili namin tungkol sa inyo sa isang "nakatalagang record set." Kalakip dito, halimbawa, ang mga talaan ng pagpapatala, pagbabayad, paghatol ng mga claim, at case o medical management record systems, at anumang impormasyong ginagamit namin upang gumawa ng mga desisyon tungkol sa inyo. Kailangang nakasulat ang inyong hiling. Kung kailan puwede, at ayon sa hinihingi ng batas, magbibigay kami sa inyo ng kopya ng inyong PHI sa isang anyo (papel o elektronik) at format na inyong hinihiling. Kung humiling kayo ng kopya ng inyong PHI, maaari kaming maningil ng makatuwiran at batay sa gastos na bayarin para sa paghahanda, pagkokopya, at/o pagpapadala nito sa koreo para sa inyo. Sa partikular at limitadong mga pagkakataong pinahihintulutan ng batas, maaari naming tanggihan ang pag-access ng isang bahagi ng inyong mga talaan.
- **Karapatang baguhin ang inyong mga talaan.** May karapatan kayong humiling sa amin na itama o baguhin ang PHI na pinapanatili namin tungkol sa inyo sa isang nakatalagang

record set. Kailangang nakasulat ang inyong hiling at ipinapaliwanag kung bakit nais ninyong baguhin ang inyong PHI. Kung matukoy namin na ang PHI ay hindi tumpak o hindi kumpleto, amin itong itatama kung pahihintulutan ng batas. Kung isang doktor o pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ang gumawa ng PHI na gusto ninyong baguhin, kailangan ninyong hilingin sa kanilang baguhin ang impormasyon.

- **Karapatang makatanggap ng accounting ng mga paghahayag.** Sa inyong nakasulat na kahilingan, bibigyan namin kayo ng listahan ng mga paghahayag na naisagawa namin sa inyong PHI para sa partikular na yugto ng panahon, hanggang anim na taon bago ang petsa ng inyong hiling. Gayunpaman, hindi ilalakis sa listahan ang:
    - Mga paghahayag na inyong pinahintulutan.
    - Mga paghahayag na ginawa ninyo nang mas maaga pa sa anim na taon bago ang petsa ng inyong hiling.
    - Mga paghahayag na ginawa para sa paggagamot, pagbabayad, at mga layunin ng operasyon ng pangangalagang pangkalusugan, maliban kung hinihiling ng batas.
    - Ibang mga partiukar na paghahayag na pinahintulutan kami ng batas na huwag ilakis sa accounting.
- Kung humiling kayo ng accounting nang higit sa isang beses sa panahon ng anumang 12-buwang panahon, maaari kaming maningil sa inyo ng makatuwiran at batay sa gastos na bayarin para sa bawat ulat ng accounting pagkatapos ng unang ulat.
- **Karapatang pumili ng personal na kinatawan.** Maaari kayong pumili ng ibang tao na kumilos bilang inyong personal na kinatawan. Papahintulutan ang inyong kinatawan na maka-access sa inyong PHI, na makipag-ugnayan sa mga propesyonal at pasilidad ng pangangalagang pangkasulusugan na nagbibigay ng inyong pangangalaga, at na maisagawa ang lahat ng iba pang karapatan ng HIPAA sa ngalan ninyo. Depende sa awtoridad na ibinigay niyo sa inyong kinatawan, maaari rin siyang may awtoridad na gumawa ng mga desisyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan para sa inyo.

- **Karapatang makatanggap ng papel na kopya ng abisong ito.** Kapag inyong hiniling, magbibigay kami ng papel na kopya ng Abisong ito, kahit na sumang-ayon kayong matanggap ang abiso sa elektronikong paraan. Tingnan ang seksyon na "Pagiging Available ng Abiso at Tagal" ng abisong ito.

## Mga pagkilos na maaaring gawin ninyo

**Makipag-ugnayan sa Blue Shield.** Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa inyong mga karapatan sa pagkapribado, naniniwala na maaaring nilabag namin ang inyong mga karapatan sa pagkapribado, o hindi sumasang-ayon sa desisyon na ginawa namin tungkol sa pag-access ng inyong PHI, maaari kayong makipag-uganayan sa amin sa:

### **Blue Shield of California Privacy Office**

P.O. Box 272540  
Chico, CA 95927-2540

Telepono: **(888) 266-8080** (toll-free)

Fax: **(800) 201-9020** (toll-free)

Email: **privacy@blueshieldca.com**

Para sa mga partikular na uri ng hiling, dapat niyong kumpletuhin at ipadala sa amin sa koreo ang isang form na available sa alinman sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng serbisyo sa customer sa inyong ID card ng miyembro ng Blue Shield o sa pamamagitan ng pagpunta sa aming website sa **blueshieldca.com/privacyforms**.

**Makipag-ugnayan sa isang ahensya ng pamahalaan.** Maaari rin kayong maghain ng nakasulat na reklamo sa Secretary ng U.S. Department of Health & Human Services (HHS) kung naniniwala kayong posibleng nilabag namin ang inyong mga karapatan sa pagkapribado. Maaaring maipadala ang inyong reklamo sa pamamagitan ng email, fax, o koreo sa HHS Office for Civil Rights (OCR).

Para sa higit pang impormasyon, o upang maghain ng reklamo sa Secretary

of HHS, puntahan ang OCR website sa **www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints**.

Kung kayo ay residente ng California, maaari kayong makipag-ugnayan sa OCR Regional Manager for California ayon sa sumusunod:

### **Region IX Regional Manager**

#### **Office for Civil Rights**

#### **U.S. Department of Health & Human Services**

90 7th St., Suite 4-100  
San Francisco, CA 94103

Telepono: (800) 368-1019

Fax: (202) 619-3818

TTY: (800) 537-7697

Hindi kami magsasagawa ng anumang aksyon laban sa inyo kung maghahain kayo ng reklamo, laban man ito sa amin o sa HHS.

## Pagiging available ng abiso at tagal

**Pagiging available ng abiso.** Available ang kopya ng abisong ito sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng serbisyo sa customer sa inyong ID card ng miyembro ng Blue Shield o sa pamamagitan ng pagpunta sa aming website sa **blueshieldca.com/privacynotice**.

**Karapatang baguhin ang mga tuntunin ng abisong ito.** Kinakailangan naming sumunod sa mga tuntunin ng abisong ito hangga't may bisa ito. Maaari naming baguhin ang mga tuntunin ng abisong ito anumang oras, at, sa aming pagpapasya, maaaring gawin naming epektibo ang mga bagong tuntunin para sa inyong PHI na aming hinahawakan, kabilang ang anumang PHI na ginawa namin o natanggap bago namin ipinalabas ang bagong abiso.

Kung babaguhin namin ang abisong ito, aming ia-update ang abiso sa aming website, at kung kayo ay naka-enroll sa Blue Shield benefit plan sa oras na iyan, papadalhan namin kayo ng bagong abiso kapag at ayon sa hinihiling ng batas.

**Petsa ng pagka-epektibo.** May bisa ang abisong ito simula Agosto 16, 2013.

Blue Shield of California complies with applicable state laws and federal civil rights laws, and does not discriminate on the basis of race, color, national origin, ancestry, religion, sex, marital status, gender, gender identity, sexual orientation, age, or disability. Blue Shield of California cumple con las leyes estatales y las leyes federales de derechos civiles vigentes, y no discrimina por motivos de raza, color, país de origen, ascendencia, religión, sexo, estado civil, género, identidad de género, orientación sexual, edad ni discapacidad.

Blue Shield of California 遵循適用的州法律和聯邦公民權利法律，並且不以種族、膚色、原國籍、血統、宗教、性別、婚姻狀況、性別認同、性取向、年齡或殘障為由而進行歧視。